



---

## INILABAS NA BALITA

**PARA SA AGARANG PAGLALABAS:** Hulyo 1, 2020

**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Aaron Richardson - 415.749.4900

## Magsisimula na ang pinahihintulatang panahon ng pagsunog para sa mga sunog sa pamamahala ng pastulan

**SAN FRANCISCO** -Inaanunso ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District) na ang panahon ng bukas na pagsusunog para sa mga apoy sa pamamahala ng saklaw ay magsisimula sa Miyerkules, Hulyo 1, at magaganap hanggang Abril 30, 2021.

Pinapayagan ang bukas na pagsunog sa Bay Area para sa mga agrikultural na layunin o para sa mga pamamahala ng natural na tagatulong. Maraming sunog na bukas na pagsunod ang nakakabawas sa panganib ng mga wildfire sa rehiyon, sa pamamagitan ng combustible na vegetation.

Pinapayagan lang ang bukas na pagsunog kapag maganda ang panahon at hindi inaasahang tumaas ang mga antas ng pagpaparumi sa hangin. Ang karamihan ng uri ng bukas na pagsunod ay puwede lang gawin sa ilang partikular na panahon sa buong taon, sa mga tinukoy na araw ng SUNOG.

Sa ilalim ng patakaran ng Air District, hindi nagdedeklara ng mga araw ng SUNOG kapag umiiral ang *Alerto na Iligtas ang Hangin*.

Ang mga sunog sa pamamahala ng pastulan ay mga sunog sa agrikultura na itinakda para alisin ang mga hindi ninanais na mga halaman kung saan nangingingain at kumakain ang mga hayop na inaalagaan sa komersyal na paraan tulad ng mga kabayo, baka at tupa. Nakalista ang mga kinakailangan para sa mga sunog sa pamamahala ng pastulan sa web page ng Air District na [Impormasyon sa Bukas na Pagsunog](#).

Dapat ding magtanong ang mga inaasahang magsusunog sa kanilang mga lokal na ahensiya para sa sunog at sa Departamento ng Kagubatan at Pagprotekta sa Sunog ng California (California Department of Forestry and Fire Protection, Cal Fire) tungkol sa mga kinakailangan para sa lokal na pahintulot at kaligtasan sa sunog. Maaaring may mga ipinapatupad na karagdagang paghihigpit ang mga yunit ng Cal Fire, kaya mangyaring makipag-ugnayan sa [lokal na istasyon ng Cal Fire](#) sa inyong komunidad.

Nalalapat ang mga kinakailangan para sa bukas na pagsunog sa rehiyon ng Bay Area na may siyam na county, kasama ang Alameda, Contra Costa, Marin, Napa, San Francisco, San Mateo, Santa Clara, southwestern Solano, at mga county ng southern Sonoma.

Makikita ang regulasyon ng Air District para sa bukas na pagsunog (Regulasyon 5) sa: [www.baaqmd.gov/rules](http://www.baaqmd.gov/rules). Makakakuha rin ng impormasyon tungkol sa bukas na pagsunog sa libreng numero ng Air District sa 1-800-HELP AIR (435-7247).

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

\*\*\*

---

Air District Communications Office

375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900

[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)